



Council for  
Intellectual Disability



# Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Mga Nasa Legal na Edad

## Papel-Kaalaman Tungkol sa Kalusugan



Madaling  
Basahin

[www.cid.org.au](http://www.cid.org.au)

# Mga nilalaman

Mga serbisyong pangkalusugan **1**

---

Espesyalista **2**

---

Dentista **3**

---

Kaalyadong Kalusugan **4**

---

Kailangan ko bang magbayad para sa pangangalagang pangkalusugan? **10**

---

Payo sa telepono **11**

---

Buod **12**

---

# Mga serbisyong pangkalusugan



Ang iyong karaniwang doktor ay tinatawag na GP o **General Practitioner**.

Matutulungan ka ng iyong GP sa pangangalaga ng iyong kalusugan.



Kung kailangan mo ng karagdagang pangangalaga sa kalusugan, maaaring gumawa ng pagsangguni (**referral**) ang iyong doktor.

Ang **referral** ay kapag ipinadala ka ng iyong doktor sa ibang manggagawang pangkalusugan (health worker).



Maaari kang isangguni ng iyong doktor sa isang **espesyalista**.

Ang **espesyalista** ay isang doktor na maraming nalalaman tungkol sa isang bahagi ng iyong katawan.




Maaari kang isangguni ng iyong doktor sa serbisyo ng kaalyadong kalusugan (**allied health**).

Ang mga serbisyo ng **allied health** ay tumutulong sa isang bahagi ng iyong kalusugan.

# Espesyalista



Ang **espesyalista** ay isang doktor na maraming nalalaman tungkol sa isang bahagi ng katawan.



1 uri ng espesyalista ay ang **neurologist**.

Ang **neurologist** ay isang doktor na maraming nalalaman tungkol sa utak.

Marami pang ibang mga espesyalista.



Sasabihin sa iyo ng iyong doktor kung kailangan mong magpatingin sa isang espesyalista.

Maaari kang isangguni ng iyong doktor sa isang espesyalista.

# Dentista



Tumutulong ang dentista sa **kalusugan ng bibig (oral health)**.



Ang oral health ay ang **kalusugan ng iyong**

- Bibig
- Ngipin
- Gilagid



Maaari niyang suriin ang kalusugan ng iyong bibig.

Tutulong siya kung mayroon kang problema.

Makakatulong ito sa iyo na manatiling malusog.



Mabuting magpatingin sa dentista tuwing 6 na buwan.

Mabuting malaman nang maaga kung may mga problema sa kalusugan ng bibig.

Mas madali niyang maaayos ang mga ito.

# Kaalyadong kalusugan (Allied health)



Ang mga serbisyo ng allied health ay tumutulong sa isang bahagi ng iyong kalusugan.


Mayroong iba't ibang uri ng mga serbisyo ng allied health.

## Physiotherapist



Ang **physiotherapist** ay tumutulong sa iyong katawan.

Matutulungan ka niya sa iyong mga kalamnan.



Matutulungan ka niya sa mga pinsala.

Maaaring bigyan ka niya ng mga ehersisyong gagawin.

## Sikologo (Psychologist)



Ang **psychologist** ay tumutulong sa **kalusugan ng iyong isip**.

Ang **kalusugan ng isip** ay ang iyong mga iniisip at nararamdaman.

Maaari kang makipag-usap sa isang psychologist tungkol sa iyong nararamdaman.

## Dietician



Matutulungan ka ng **dietician** sa pagpili ng pagkain.

Matutulungan ka niyang kumain nang maayos.



Makakatulong siya kung nahhirapan kang lumunok.

Matutulungan ka niyang magkaroon ng tamang timbang.

# Occupational therapist



Ang **occupational therapist** ay tinatawag na **OT** para mas madali.

Tinutulungan ka ng OT na gawin ang mga bagay nang ligtas.



Matutulungan ka niyang matuto ng mga bagong kasanayan.

Maaari siyang magmungkahi ng mga tool na magagamit mo.

# Patologo sa pagsasalita (Speech pathologist)



Ang **speech pathologist** ay tumutulong sa pagsasalita.

Matutulungan ka niyang magsalita ng anuman.

Makakatulong siya sa paglunok.



Makakatulong siya sa mga pantulong sa komunikasyon.



## Podiatrist



Makakatulong ang **podiatrist** sa iyong paa.

Makakatulong siya sa paglalakad.



Maaari siyang magmungkahi ng **orthopaedic shoes**.

Tinutulungan ka ng **orthopaedic shoes** na maglakad at tumayo.

## Physiologist sa Pag-eehersisyo (Exercise physiologist)



Ang **exercise physiologist** ay tumutulong sa pag-eehersisyo.

Makakatulong siya sa paggalaw.



Magmumungkahi siya ng mga ehersisyong gagawin.

Matutulungan ka niyang maging malakas.

# Optometrist



Tumutulong ang **optometrist** sa paningin.



Susuriin niya ang iyong mga mata.

Sasabihin niya sa iyo kung kailangan mo ng salamin.

Sasabihin niya sa iyo kung kailangan mo ng iba pang tulong sa iyong mga mata.



Libre ang pagsusuri sa mata sa Medicare.

Maaari kang magkaroon ng libreng pagsusuri sa mata bawat 2 taon.



Maaaring kailangan mong magbayad para sa iba pang bagay tulad ng salamin.

# Audiologist



Makakatulong ang **audiologist** sa iyong pandinig.

Tanungin ang iyong doktor kung dapat kang magpatingin sa isang audiologist.



Susuriin ng audiologist ang iyong tainga.

Susuriin niya ang iyong pandinig.



Sasabihin niya sa iyo kung kailangan mo ng hearing aid.



Ang ilang tao ay maaaring makakuha ng mga serbisyong ito nang libre.

Maaari mong tingnan kung maaari mong makuha ang mga ito nang libre sa

[www.hearingservices.gov.au](http://www.hearingservices.gov.au)

# Kailangan ko bang magbayad para sa pangangalagang pangkalusugan?



Ang ilang mga serbisyong pangkalusugan ay libre.

Kung minsan ay tinatawag itong bultong paniningil (**bulk billing**).

Ang **bulk billing** ay nangangahulugan na ang magbabayad ay Medicare.



Ang ilang serbisyong pangkalusugan ay may bayad.


Mabuting magtanong kung ang serbisyo ay may bayad.



Maaari kang magtanong sa iyong doktor o sa serbisyong pangkalusugan.

Sasabihin niya sa iyo kung kailangan mong magbayad.

# Payo sa telepono



Ang DirektangKalusugan (**Healthdirect**) ay isang linya ng telepono.

Maaari kang tumawag anumang oras para sa payo sa kalusugan.

Maaari kang makipag-usap sa isang nars.

Tawagan siya sa **1800 022 222**.



Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **000**.

Ang **000** ay maaaring magpadala sa iyo ng ambulansya.

Dadalhin ka nila sa ospital kung kailangan mo nito.

# Buod



Maraming iba't ibang serbisyong pangkalusugan.



Ang iyong doktor ay magandang pagsimulan ng pangangalagang pangkalusugan.

Ipapaalam niya sa iyo kung dapat kang magpatingin sa iba pang serbisyong pangkalusugan.



Ang ilang serbisyong pangkalusugan ay may bayad.

Magandang magtanong tungkol sa gastos bago ka makipagkita.



Kung mayroon kang emergency, tumawag sa 000.

Magpapadala sila ng ambulansya.

# Mga papel-kaalaman ng Konseho para sa mga May Kapansanang Intelektwal **CID** tungkol sa kalusugan



Mayroon kaming impormasyon tungkol sa mga taunang pagsusuri sa kalusugan dito

[www.cid.org.au/resource/yearly-health-check-fact-sheet](http://www.cid.org.au/resource/yearly-health-check-fact-sheet)




Mayroon kaming impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa mabuting pangangalagang pangkalusugan dito

[www.cid.org.au/resource/your-right-to-good-health-care-fact-sheet](http://www.cid.org.au/resource/your-right-to-good-health-care-fact-sheet)



Mayroon kaming impormasyon tungkol sa mga planong pangkalusugan para sa mga malalang problema sa kalusugan dito

[www.cid.org.au/resource/chronic-health-plans-fact-sheet](http://www.cid.org.au/resource/chronic-health-plans-fact-sheet)



Marami kaming iba pang mga papel-kaalaman tungkol sa kalusugan.

Maaari mong makuha ang mga ito mula sa [www.cid.org.au/resource-category/health](http://www.cid.org.au/resource-category/health)



## Kontakin ang CID



1800 424 065



[info@cid.org.au](mailto:info@cid.org.au)



[www.cid.org.au](http://www.cid.org.au)



[facebook.com/NSWCID](https://facebook.com/NSWCID)



[twitter.com/CIDvoice](https://twitter.com/CIDvoice)



[instagram.com/council\\_intellectualdisability](https://instagram.com/council_intellectualdisability)

Ginawa ang papel-kaalaman na ito noong 2021.

Ang impormasyong ito ay inihanda gamit ang pondo mula sa Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health) ng Pamahalaan ng Australya.